Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-21 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>*Gumanap na Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| *Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.* | ............... | *Kagawad* |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad - ABC |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............... | Kagawad - SK |

KAPASIYAHAN BLG. 012-T'04

*KAPASIYAHANG BINIBIGYAN NG PAGKILALA ANG MGA NAMUMUKOD –TANGING MANININDA SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY KAKAYAHANG TUMALIMA SA MGA PATAKARANG IPINAIIRAL NG PAMAHALAANG BAYAN UKOL SA PANGANGALAKAL SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA"T, sa nakaraang panunumpa ng pamunuan ng Sta Cruz Market Vendor Asso.* (SCMVA) ay isinagawa ang pagkilala ng mga namumukod-tanging manininda sa pamilihang bayan ng Santa Cruz;

*SAPAGKA"T,* ang pagpili ay isinagawa base sa mga batayang itinakda ng Lupon sa Pamilihang Bayan na nauukol sa maayos at may kakayahang magbayad ng Mayor"s permit at ng *mga kaukulang bayarin sa pagnenegosyo, sumusunod sa mga patakaran at alituntuning pinaiiral* ng pamahalaang bayan at may 10 taon nang nagtitinda sa pamilihang bayan;

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN: Na bigyan ng pagkilala ang mga namumukod-tanging manininda sa* pamilihang bayan ng Santa Cruz, Laguna na may kakayahang tumalima sa mga patakarang ipinaiiral ng Pamahalaang Bayan ukol sa pangangalakal sa bayang ito, na ang mga pangalan ay ayon sa mga sumusunod:

1. Gng. *Flordeliza Guevarra* - *Fish Section*
2. Gng. Rosario C. de Lima - Bread & Candy Section
3. Gng. Eulalia E. Dionisio - Dry Goods Section
4. Gng. Isidra N. Pamatmat - Meat Section
5. G. Hector Estanilla - Bread & Candy Section
6. *Gng. Francisca Napiza* - *Bread & Candy Section*
7. Gng. Dionisia Nepomuceno – Grocery Section

*IPINAG-UUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Permiso at Lisensya at Gumaganap na Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad / Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
*Punong Bayan*